


9

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Mga Batas na Nakabatay sa Likas na Batas Moral



EsP – Grade 9

Alternative Delivery Mode

**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Mga Batas na Nakabatay sa Likas na Batas Moral
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyulna ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: April Joy I. Delos Reyes, Jonathan Gilbert E. Cruz

Editor: Reyna Joyce B. Barutu, Filma B. Catalan, Aimee A. Torrevillas

Tagasuri: Elsa A. Usman, Violeta M. Sta. Elena

Tagalapat: Aimee A. Torrevillas

Tagapamahala: Ruth L. Fuentes

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Julieto H. Fernandez

Henry R. Tura

Elsa A. Usman

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 2:
Mga Batas na Nakabatay sa
Likas na Batas Moral**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

“Binuo at isinulat ang modyul na ito na ikaw, aming minamahal na mag-aaral ang isinasaalang-alang. Sa modyul na ito, inaasahan namin na matutunan mo nang may kahusayan ang mga palatandaan kung kailan ang isang batas ay nakaayon sa Likas Batas Moral. Ang pagkakasunod-sunod ng mga aralin sa modyul na ito ay naaayon sa nakatakdang pamantayan ng Kagawaran ng Edukasyon.”

“Nilalaman ng modyul na ito ang aralin na: “Mga Batas na Nakabatay sa Likas na Batas Moral”

1. Natutukoy ang mga batas na nakaayon sa Likas na Batas Moral (EsP9TT-IIB-6.1)
2. Nasusuri ang mga batas na umiiral at panukala tungkol sa kabataan batay sa pagsunod ng mga ito sa Likas na Batas Moral. (EsP9TT-IIc-6.2)
3. Nahihinuha na ang pagsunod sa batas na nakabatay sa Likas na Batas na Moral (Natural Law), na gumagarantiya sa pagtugon sa pangangailangan ng tao at umaayon sa dignidad ng tao at sa kung ano ang hinihingi makamit ang kabutihang panlahat. (EsP9TT-IIId-6.3)
4. Naipahahayag ang pagsang-ayon o pagtutol sa isang umiiral na batas batay sa pagtugon nito sa kabutihang panlahat. (EsP9TT-IIe-6.4)



Subukin

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Saan nakabatay ang Likas na Batas Moral?
 - A. Mula sa mga aklat ni Tomas de Aquino
 - B. Mula sa pagkaunawa ng isip ng tao
 - C. Mula sa kaisipan ng mga pilosopo
 - D. Mula sa Diyos
2. Alin sa sumusunod ang **hindi** naaayon sa Likas na Batas Moral?
 - A. Pagkaltas ng buwis sa mga manggagawa ng walang konsultasyon
 - B. Pagmungkahi sa mga ina na regular na magpatingin sa malapit na *center* sa kanilang lugar
 - C. Pagtuturo sa mga bata ng tamang pangangalaga sa sarili
 - D. Paghihikayat sa mga tao na magsimba sa araw ng Linggo
3. Sa paanong paraan natutuhan ang Likas na Batas Moral?
 - A. Ibinubulong ng anghel
 - B. Itinuturo ng bawat magulang
 - C. Naiisip na lamang
 - D. Sumisibol mula sa konsensiya
4. Ang tama ay pagsunod sa mabuti. Ito ay totoo dahil _____.
 - A. Naaayon sa lahat ng panahon at pagkakataon
 - B. Mula sa sariling pag-alam at pakiramdam
 - C. Angkop sa pangangailangan at kakayahan
 - D. Para sa ikabubuti ng lahat at hindi ng iilan lamang
5. Alin sa sumusunod ang naglalarawan na tama ang isang pasiya o desisyon?
 - A. Ito ay ayon sa mabuti
 - B. Walang nasasaktan
 - C. Makapagbubuti sa tao
 - D. Magdudulot ng kasiyahan

Modyul 2

Mga Batas na Nakabatay sa Likas na Batas Moral



Balikan

Sa nakaraang modyul, iyong nalaman na ang karapatan ay may kaakibat na tungkulin. Mahalagang nalaman mo ito upang makilala mo sa kabuuang paraan ang tungkulin ng tao sa lipunan at ang epekto ng pagtupad o hindi pagtupad nito sa pagbuo ng kanyang pagkatao.

Gawain 1 Pagtatala


Panuto: Bilang isang mapangutang kabataan, magtala ng mga halimbawang karapatan mo na may kalakip na tungkulin. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Tuklasin

Gawain: Halina at ating Tuklasin

Panuto: Pagbuo ng isang *semantic web* na sasagot sa tanong na “Anong mga batas ang alam mong ipinatutupad sa iyong pamayanan?”



Sagutin:

1. Sinusunod mo ba o hindi ang mga batas na iyong naitala? Pangatuwiran.
2. Anong bunga ang naidudulot ng iyong pagsunod at hindi pagsunod sa mga batas na iyong naitala?

**Suriin****Likas na Batas Moral: Batayan ng mga Batas ng Tao**

Ang Likas Batas moral ang kinikilalang batayan ng lahat ng mga batas dahil ito ay angkop sa lahat ng kultura. Ang mga pagpapahalagang tulad ng pagmamahalan, paggalang, katarungan, kapayapaan, pagkapamilya, pagpapahalaga sa buhay at marami pang iba ang nakapaloob sa Likas Batas Moral. Ang Batas Moral ang nagbibigay direksyon sa pantaong kilos upang makarating sa tamang patutunguhan.

Dalawang mga batas na ugat ng Batas Moral.

1. *Batas ng Diyos (Eternal Law or Divine Law)*- Ito ay naglalaman ng lahat ng batas ng tao at ito ay nilikha upang maabot ng tao an gang kaniyang kaganapan. Dito ipinapakita ang kabutihang loob ng Diyos at ang lahat ng sangkap dito sa mundo ay sangkap ng Batas ng Diyos. Higit na pinapahalagahan at iniingatan ang dignidad ng tao tungo sa pagkilala sa pantay at patas na karapatan.

2. *Batas ng Kalikasan (Natural Law)*- Ito ang gumagabay sa tao upang mamuhay ng mabuti at tama dahil ang tao ay may kalikasang materyal at ispiritwal na siyang sangkap sa Likas na Batas Moral (*Natural Moral Law*).

Ang Tama: Iba sa Mabuti

Ang mabuti ay ang mga bagay na tutulong sa pagbuo ng sarili. Sa pinakapayak na paliwanag, ang mabuti ay pagsisikap na laging kumilos tungo sa pagbubuo at pagpapaunlad sa sarili at ng mga ugnayan. Ang isip at puso ang nagsisilbing gabay upang kilatisin kung ano talaga ang mabuti. Ang mabuti ang laging pakay at layon ng tao. Ang tama ay ang pagpili ng pinakamabuti batay sa panahon, kasaysayan, lawak at sitwasyon. Ang tama ang pinakaangkop na gawin ng tao. Tinitingnan dito ang mga pangangailangan at kakayahan ng gagawing pagpili.

Iba-iba man ang pormula ng Likas na Batas Moral, tinuturo nito ay isa lamang: hindi ko gagawing kasangkapan ang tao at ituturing ang tao bilang may pinakamataas na halaga. Gagawin ko ang lahat upang ingatan at payabungin ang tao. Likas sa tao ang hangarin ang mabuti. Ibig sabihin, likas sa tao ang maging makatao: ito ang batas na hindi dapat labagin ninuman. Ang lumalabag dito ay lumalabag din sa sarili niyang kalikasan.

Hindi man malinaw na utos ang Likas Batas Moral sa kung ano ang gagawin ng tao sa iba't-ibang pagkakataon ngunit ito ay magsisilbing gabay upang makita ang halaga ng tao. Ganun din ang mga Konstitusyon at mga batas, naisatitik lamang dito kung ano man ang makakatulong sa pagpapayabong ng tao. Isang gabay na natutuhan sa mga karanasan ng mga tao sa pagdaan ng panahon.




Pagyamanin

Gawain 1: Concept Map

Panuto: Gumawa ng concept map tungkol sa natutunan mo sa iyong binasa. Sagutin ang mga gabay na tanong sa pagbuo ng konseptong ito.

1. Paano nakatutulong ang mga batas at ang pagsunod sa mga ito sa pagkakamit ng Kabutihang Panlahat?




Gawain 2: Infographic Poster

Panuto: Gumawa ng isang infographic poster na naglalaman ng mahahalagang konsepto tungkol sa mga batas o panukala na umiiral sa inyong lipunan na nakabatay sa Likas na Batas Moral. Maging malikhain sa paggawa maaaring gumamit ng iba't ibang imahe at simbolo upang mapukaw ang interes ng magbabasa. Gawing gabay ang sumusunod na katanungang sa pagbuo ng infographic poster

Gabay na tanong:

1. Magtala ng mga batas o panukala na umiiral sa loob ng iyong pamilya, barangay, paaralan o lipunang kinabibilangan.
2. Sumasang-ayon o tumututol ka ba sa mga batas na pinapairal sa loob ng iyong pamilya, barangay, paaralan o lipunang kinabibilangan? Pangatuwiran.
3. Paano mo isinasabuhay ang mga batas na ito sa pang araw-araw na pamumuhay?



Isaisip

Gawain

Panuto: Sumulat ng isang pagninilay gamit ang pormat sa ibaba.

Ano-ano ang konsepto at kaalamang pumukaw sa akin?	Ano ang aking pagkaunawa at reyalisasyon sa bawat konsepto at kaalamang ito?	Ano-anong hakbang ang aking gagawin upang mailalapat ang mga pang-unawa at reyalisasyong ito sa aking buhay?
--	--	--



Isagawa

Gawain

Panuto: Gumawa ng pagsusuri sa mga pinagtibay na batas na ipinatutupad sa kasalukuyan. Isulat kung sinasang-ayunan o tinutulan ang mga natukoy na batas sa ibaba. Gamitin ang nakalakip na sipi ng batas sa iyong pagsusuri. Maaaring tumukoy ng ibang batas na wala sa modyul kung nanaisin. Sundin ang pormat na nasa ibaba.

Mga Batas	Sinasang-ayunan o Tinututulan	Dahilan ng pagsang-ayon o pagtutol	Mga Probisyong Naaayon sa Likas na Batas Moral	Mungkahing Rebisyon
RH Bill <i>(Ang Batas na ito ay nagsusulong ng family planning upang maiwasan ang hindi inaasahang pagbubuntis at maiwasan ang paglobo ng populasyon)</i>				
Ang Anti-Terrorism Act of 2020 <i>(isang batas sa Pilipinas na ang hangarin ay maiwasan, ipagbawal, at parusahan ang terorismo sa Pilipinas)</i>				



Tayahin

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot.


1. Piliin sa mga sumusunod ang hindi ayon sa Likas na Batas Moral.
 - A. Pangungulit sa bata na maligo
 - B. Pagpilit sa mga tao na magsimba
 - C. Pagkaltas ng buwis sa mga manggagawa
 - D. Pag-utos sa mga magiging ina na regular na magpatingin sa doktor
2. Paano nalalaman ang mabuti?
 - A. Kung ito ay nakakatulong sa pagkabuo ng sarili
 - B. Kung ang ginawang desisyon ay sabay na ginamitan ng isip at puso
 - C. Kung ang pagpili ay batay sa panahon, kasaysayan, konteksto at sitwasyon
 - D. Kung ang mga posibleng epekto ng pagpili ay mapanindigan niya ang mga bungang kanyang kakaharapin
3. Dahil mahigpit ang kampanya laban sa paggamit ng ilegal na droga, ang ibang kabataan ay napapansin mong nagnganganga o nagbabantay na lang sa mga tindahan ng dahon ng *cocaine*, dahon ng buyo, tabako, bangkit (apog), at bunga (betel nut) mga sangkap na mapagkukunan ng lokal na droga. Anong angkop na kilos ang gagawin mo upang maituwid mo ang bisyong ito?
 - A. Panoorin ko ang kanilang ginagawa
 - B. Iuulat ko ang kaganapan sa mga kinauukulan
 - C. Kunan ko sila ng mga larawan at ipapakita sa pulisya
 - D. Pagsasabihan ko ang mga nagtitinda na pagtutulak pa rin iyon ng droga.
4. Ang ating lipunan ay binubuo ng mga batas na nilikha para sa kabutihang panlahat. Alin sa sumusunod ang tunay na diwa nito?
 - A. Protektahan ang iilang mayayaman at may kapangyarihan
 - B. Ingatan ang interes ng nakararami
 - C. Itaguyod ang karapatang-pantao
 - D. Kondenahan ang mapagsamantala sa kapangyarihan
5. Paano sinikap ng ating estado na iangkop ang kultura bilang pagkilala sa karapatang pantao ng bawat mamamayan?
 - A. Sa pamamagitan ng pagbuo ng konstitusyon kalakip ang mga karapatan at proteksiyon ng mga mamamayan
 - B. Sa pamamagitan ng maraming mga batas
 - C. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng maraming imprastruktura na senyales ng pag-unlad ng ekonomiya ng bansa
 - D. Sa pamamagitan ng pagtatatag ng iba't ibang samahan na sasagot sa pangangailangan ng bawat mamamayan

6. Alin sa sumusunod ang wasto at mabuting panukala?
 - A. Umaayon sa lahat ng panahon at pagkakataon
 - B. Mula sa sariling pag-alam at pakiramdam
 - C. Angkop sa pangangailangan at kakayahan
 - D. Para sa ikabubuti ng lahat at hindi ng iilan lamang
7. Paano mailalarawan ang isang taong buo ang pagkatao?
 - A. May pagsaklolo sa iba
 - B. Pagiging matulungin sa kapuwa
 - C. Tunay ang pagsunod sa utos ng Diyos
 - D. Pagkampi sa tao
8. Ano ang batas ng tao sa mga sumusunod?
 - A. Maging palakaibigan
 - B. Maging makatao
 - C. Maging mapagbigay
 - D. Maging mabuting halimbawa
9. Pumunta ka sa bakanteng loteng inuupahan mo dahil nakita mong pinapala ito ng iba upang tabunan ang kanal nila. Nagtanong ka lang nang maayos at mapayapang umalis. Di nagtagal lumabas ang isang babae at galit na sumisigaw at pinaringgan ka upang palabasin na mali at masama ang iyong pagsita. Paano mo aayusin ito nang hindi lulubha ayon sa Likas na Batas Moral?
 - A. Hindi na lang ako kikibo
 - B. Susubukan kong magpaliwanag
 - C. Hahayaan ko na lang na lalamig ang kaniyang ulo
 - D. Pakikinggan ko ang kaniyang panig bago ako magpapaliwanag
10. Alin sa mga sumusunod ang hindi gaanong importanteng batayan ng pagkatao at halaga ng tao?

A. konsensiya	C. katuwiran
B. dignidad	D. kilos-loob
11. Kanino nagsisimula ang pagtuturo ng mabuti at pag-iwas sa masama?

A. kapitbahay	C. guro
B. magulang	D. guidance counselor
12. Ano ang nagsisilbing gabay ng tao upang kilatisin kung ano talaga ang mabuti?
 - A. Katuwiran at Konsensiya
 - B. Dignidad at Pilosopiya
 - C. Isip at Puso
 - D. Isip at Kilos-loob
13. Kailan magiging tama ang lahat ng mabuti?
 - A. Magiging tama ang mabuti kung masusunod mo ang gusto mo.
 - B. Magiging tama ang mabuti kung masusunod mo ang iyong konsensiya at likas na Batas Moral
 - C. Magiging tama ang mabuti kung ito ay magpapasaya sayo.
 - D. Magiging tama ang mabuti kung ito ay magpapasaya sa ibang tao.

14. Piliin sa mga sumusunod ang hindi ayon sa Likas na Batas Moral.
- Pangungulit sa bata na maligo
 - Pagpilit sa mga tao na magsimba
 - Pagkaltas ng buwis sa mga manggagawa
 - Pag-utos sa mga magiging ina na regular na magpatingin sa doktor
15. Kailangang manalo ang aming koponan sa palaro dahil kilalang magaling ang aming paaralan, kaya lang may problema ang ilan sa edad. Paano mo tutugunan ang patakarang ito?
- Dadayain ko ang aking edad
 - Himukin ang iba baguhin ang aming edad
 - Umalis na lamang sa koponan
 - Hahayaan ang *coach* na gumawa ng paraan para maging karapat-dapat ang koponan



Karagdagang Gawain


Gawain

Panuto: Kung ikaw ay isang mambabatas, anong batas ang iyong ipapanukala upang maingatan ang karapatan ng kabataan ayon sa Likas na Batas Moral? Pangatuwiran. Gamitin ang pormat na nasa ibaba. Lagyan ng sanggunian na pinagbatayan mo ng iyong panukala.

Panukalang Batas Blg. _____ Ipinanukala ni: _____ Isang batas na _____
Paliwanag ukol sa batas at kung bakit mahalagang ito ay pagtibayin _____ _____ _____ _____

Sagutin:

- Ano-anong mga batayan ang iyong binigyang-diin sa panukalang gagawin mo kung ikaw ay isang mambabatas? Ipaliwanag.
- Ano ang iyong nahinuha matapos gawin ang iyong panukalang batas?



Susi sa Pagwawasto

Tayahin	1. A 2. B 3. D 4. A 5. A 6. D 7. C 8. B 9. D 10. C 11. B 12. C 13. B 14. B 15. C
Subukin	1. D 2. A 3. D 4. D 5. C

Talaan ng Ispesipikasyon

Subukin:

Actual Question	Part/Item #	Concept being measured
Saan nakabatay ang Likas na Batas Moral?	1	Masukat ang dating kaalaman ng mag-aaral hinggil sa Likas na Batas Moral
Alin sa sumusunod ang hindi naayon sa Likas na Batas Moral?	2	Natutukoy ang mga sitwasyon na hindi naayon sa Likas na Batas Moral
Sa paanong paraan mo natutuhan ang Likas na Batas Moral?	3	Nabihinhuha ang pinagmulan o pundasyon ng Likas na Batas Moral
Ang tama ay pagsunod sa mabuti. Ito ay totoo dahil	4	Napatunayan ang malalim na esensiya ng tama at mabuti.
Alin sasumusunod ang naglalarawan na tama ang isang pasya o desisyon?	5	Natutukoy ang resulta ng tamang pasya o desisyon.

Sanggunian

Aklat

- Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 9 Modyul para sa Mag-aaral*, DepEd-BLR, Muling Limbag 2017, pp 65 – 76

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph